# Balitang Manmin

BILANG III HULYO 6, 2014


# Niluwalhati ang Panginoon sa Israel – isang Lugar na Mahirap Marating ng Ebanghelyo!

## Nakatulong sa Paglago ng Cristianismo sa Israel ang Pista ng Musika ng Crystal Forum



Nagsimula ang ebanghelyo sa Israel. Pero ito ay lugar ng mga Judio, nahihirapan ang mga Cristiano dito na panatilihin ang pananampalataya nila. Noong Hulyo 23, 2007, naging mas masigla ang paglilingkod ng mga iglesyang Cristiano dahil sa 777 araw na pagmiministeryo ni Dr. Jaerock Lee. Noong taong 2009, pagkatapos idaos ang krusada ng pagkakaisa, nagsama-sama ang mga iglesyang Cristiano dito. Nagkakaisa na sila ngayon, at taun-taon silang nagsasagawa ng mga pista ng pagpupuri (litrato: mga lokal na mang-aawit ng papuri at mga tagapagtanghal ng Manmin sa Crystal Music Festival taong 2014).

Ang Israel ay isang banal na lugar kung saan naroon ang hindi nasisirang mga bakas ng Panginoon. Isang gabing tahimik, dumagundong patungo sa langit ang mga papuri para sa Kanya.

Noong Mayo 24, 2014, ika-6:00 ng gabi, nagsimula ang Crystal Music Festival sa International Convention Center, Haifa, Israel. Ang Crystal Forum (samahan ng mga pastor na taga-Israel) ang naging punong-abala sa okasyong ito. Ito ay dinaluhan ng may 1,000 tao mula sa Russia, Ukraine, Pilipinas, Finland, Lithuania, at Hong Kong. May mga taga-Israel at South Korea din. Naibrodkast ito sa mahigit sa 180 bansa sa pamamagitan ng TBN Russia.

Itinaas ang pangalan ng Panginoon sa pamamagitan ng magagandang pagtatanghal ng ilang mga grupo ng mang-aawit mula sa mga iglesya sa Israel, ng lider ng papuri na si Rose Han, Biseng Tagapangulo ng komite ng sining ng Manmin, at ng Power Dance Worship Team. Sa gitna ng bawat pagtatanghal, nangaral ng maiiksing mensahe at nanguna sa pananalangin ang mga lokal na pastor. Ang pinagsamang mga papuri at Salita ng Diyos ay nakadagdag sa pagpapalang tinamo.

Ang mga mang-aawit at mananayaw ng Manmin ang naghatid ng una at huling bilang. Pinuri ng mga tao ang tamang pagbigkas nila ng Hebrew, Russian, at Ingles sa pagkanta at pagsasayaw. Nasiyahan ang mga dumalo sa mga kasuotan at mga props na ginamit. Sabi nila, parang nasa Langit sila.

Umawit ang lider ng papuri na si Rose Han. Inawit niya sa wikang makalangit ang kantang mula sa Diyos na 'Heavenly Glory'. Pagkatapos pakinggan ang pagkanta niya, sinabi ng mga dumalo na napuno sila ng emosyon, parang nakakita daw sila ng anghel mula sa langit. Nang sayawin ng Power Worship Dance Team ang tradisyunal na sayaw ng Israel, sinabayan sila ng mga tao. Niluwalhati nila ang Diyos.

Nagpasalamat si Pastor Daniel Rosen, Presidente ng Crystal Forum, sinabi niya, "Nagkaroon tayo ng malaking pag-unlad dahil sa pagmamahal at pananalangin ni Dr. Jaerock Lee."

Sinabi ng mga pastor na miyembro ng Crystal Forum na nahihirapan silang gawin ang ministeryo dahil sa panggugulo ng mga Judio at sa kakulangan ng perang panggastos. Sa mga pagkakataong ganito, sinusuportahan sila ni Dr. Jaerock Lee sa pinansyal na aspeto nang buong puso at pagmamahal. Dahil dito, naging tagasunod sila ni Dr. Lee, nangangaral sila ng ebanghelyo ng kabanalan at ng mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Idinaos nila ang okasyong ito kung saan matapang nilang pinapurihan ang pangalan ng Panginoon. Salamat sa pagmamahal at pananalangin ni Dr. Lee (basahin sa pahina 4).

Noong taong 2007-2009, nilibot ni Dr. Jaerock Lee ang buong Israel. Ipinangaral niya ang ebanghelyo ng kabanalan at nagpakita siya ng kapangyarihan ng Diyos. Dahil dito, nabuhayan ng loob at napalakas niya ang mga iglesyang Cristiano sa Israel.

Para sa okasyong ito, nagbuo ng organisasyon ang mga pastor sa lugar na ito na tinawag nilang Crystal Forum. Noong Setyembre, taong 2009, inimbitahan nila si Dr. Jaerock Lee sa Israel para magsagawa ng krusada ng pagkakaisa. Naibrodkast ang krusadang ito sa may 220 mga bansa.

Magmula noon, aktibo na sa ministeryo nila ang Crystal Forum. Tuwing buwan ng Mayo, nagdadaos sila ng Crystal Music Festival. Niluluwalhati nila ang Panginoon sa pamamagitan ng mga awit at sayaw ng papuri.

Ang Gawang Makapangyarihan

## “Nang magpakita ako ng pananampalataya, tinanggal ng Diyos pati ang dahilan ng melanoma”

Noong Nobyembre taong 2013, sumakit ang hinliliit ko, pinaoperahan ko ito para gumaling. Samantala, may nakita akong isang bilog na maliit na batik sa talampakan ko. Hindi ito masakit, kaya hindi ko inisip na masama ang kalagayan nito.

Isang araw may nakita ulit akong kakaibang bagay sa talampakan ko. Naging maitim ang batik at lumaki. Sinabi ng asawa ko, baka daw melanoma ito (kanser sa balat), nakita daw niya ito sa internet.

Noong Enero 20, 2014, nagpa-biopsy ako sa isang ospital na dalubhasa sa kanser. Sinabi sa akin na lalabas ang resulta ng pagsusuri pagkaraan ng dalawang linggo. Tinulungan ako ng mga miyembro ng iglesya ko sa pamamagitan ng isang linggong pangakong-panalangin para gumaling ako.

Kahit hindi ko pa alam kung ano talaga ang sakit ko, lubos akong nagsisi sa mga kasalanan ko nang mga nakaraang araw. Batid ko na ang mga karamdaman ay nanggagaling sa mga kasalanan. Noong Enero 29, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee, pinaghandaan ko ito nang may pananampalataya sa puso ko.





Hindi nagtagal, ibinigay na sa akin ng ospital ang resulta ng biopsy. Mayroon akong melanoma, malala na ito at may ugat na. Pero natitiyak kong gagaling ako dahil tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee. Hindi ako nalungkot, nagsikap akong isabuhay ang salita ng Diyos nang may pagpapasalamat at kasiyahan para malugod Siya. Tinanggap ko ang panalangin para sa mga may sakit tuwing pagsamba. Pagkatapos, may mabuting balita akong narinig.

Noong Pebrero 27, pinatanggal ko ang tumor at nagpa-biopsy ulit ako. Sa pagsusuri, wala nang nakitang ugat ng melanoma. Noong Abril 23, nagpa-ultra sound ako, walang nakitang tumor sa iba pang bahagi ng katawan ko. Hallelujah!

Ibinibigay ko ang lahat ng pasasalamat at luwalhati sa Diyos dahil ipinadanas Niya sa akin ang pag-ibig at kapangyarihan Niya.



Diakonesa Okju Jeon,
50 taong gulang,
3-32 Parish, South Korea

◖ Ang Diyos ay Pag-ibig ◗

# Kung Hindi Niya Ipapahayag sa mga Minamahal Niya...

“At ating nalaman at sinampalatayanan ang pag-ibig ng Diyos para sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig at ang nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos ay nananatili sa kanya” (1 Juan 4:16).

Gusto ng Diyos na magkaroon ng mga tunay na anak na pwede Niyang bigyan ng tunay na pagmamahal at pagsabihan ng mga lihim na parang matalik na kaibigan. Ganito si Enoc, mababasa natin ito sa Genesis 5. Lumakad siyang kasama ng Diyos sa loob ng 300 taon, kinuha siya patungo sa langit nang hindi namatay.

Lumalakad ang Diyos kasama ng mabubuting tao na nagpapakabanal at tumutulad sa Diyos tulad ni Enoc. Gusto din Niyang magpahayag ng mga espirituwal na lihim sa kanila. Sa anong klaseng mga tao nagpapahayag ng mga lihim at mga mangyayari sa hinaharap ang Diyos?

### 1. Ipinahayag ng Diyos kay Noe ang tungkol sa paghatol ng baha

Sa Genesis 7, umulan ng 40 araw, parang nagkaroon ng malaking butas ang langit. Lumubog ang buong mundo sa tubig, at lahat ng nabubuhay dito ay nangamatay. Gayon pa man, si Noe, ang mga miyembro ng pamilya niya, at ang mga hayop na nasa daong ay nabuhay. Nangyari ito dahil inihanda ni Noe ang daong para sa baha.

Paano naihanda ni Noe nang mas maaga ang daong? Sa mga talata mula sa Genesis 6:13, sinabi ng Diyos kay Noe na magkakaroon ng baha at lahat ng tao at hayop ay mamamatay. Inutusan din Niya si Noe na gumawa ng daong. Itinuro Niya ang bawat detalye ng materyales na gagamitin at kung gaano ito kalaki. Bakit kay Noe lang sinabi ng Diyos na makatarungan ang lihim at siya lang ang tumanggap ng pagpapala ng kaligtasan? Mababasa sa Genesis 6:9, “Ito ang mga lahi ni Noe. Si Noe ay lalaking matuwid at walang kapintasan noong kapanahunan niya. Si Noe ay lumakad kasama ng Diyos.” Ang henerasyon ni Noe ay puno ng kasamaan at kasalanan. Kinailangang lipulin ang lahat ng tao. Pero si Noe ay matuwid, wala siyang kapintasan. Ito ang dahilan kung bakit lumakad siya kasama ng Diyos at tumanggap ng dakilang pag-ibig Niya.

Pagkatapos malaman ng matuwid na taong si Noe ang tungkol sa malaking baha, ipinamalita niya ito para maiwasan ng mga tao. Pero walang naniwala sa kanya. Sa bandang huli, siya lang at ang pamilya niya ang pumasok sa daong at naligtas mula sa baha at wala ng iba pa. Dahil walang bahid si Noe noong kapanahunan niya, lubos ang paniniwala niya sa Salita ng Diyos. Sinusunod niya ito. Ipinahayag ng Diyos ang paghatol ng baha sa kanya at ang planong magsimula muli.

Ang mga ginawa ni Noe ay nagmula sa pagmamahal niya para sa Diyos. Minahal din siya ng lubos ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ng Diyos sa kanya ang espirituwal na lihim bago pa mangyari ito.

### 2. Ipinahayag ng Diyos kay Abraham ang tungkol sa pagwasak ng Sodoma

Mababasa sa Santiago 2:23, “Kaya natupad ang kasulatan na nagsasabi, ‘Si Abraham ay sumampalataya sa Diyos, at iyo’y ibinilang sa kanya na katuwiran,’ at siya’y tinawag na kaibigan ng Diyos.” Napakamaluwalhati at nakakapuspos para sa isang nilalang na tawaging kaibigan ng Diyos na Siyang lumalang sa buong sansinukob at ang Hukom. Sinasabi din nito kung gaano natularan ni Abraham ang kalooban ng Diyos.

Sinabi ng Diyos kay Abraham ng maaga ang malaking kapahamakan na mangyayari sa Sodoma at Gomorra. Noong panahong iyon, punung-puno ng kasalanan at kasaman ang Sodoma at Gomorra. Hindi na mapigilan ang paghatol ng Diyos ayon sa hustisya. Ipinaalam din ng Diyos ang tungkol dito kay Lot na pamangkin ni Abraham para makaiwas siya sa sakuna. Hindi nangangahulugang pasado na si Lot para malaman ang mga lihim ng Diyos, pero isinaalangalang ng Diyos si Abraham na Kanyang minamahal. Batid ng Diyos na malulungkot si Abraham kung may mangyayaring masama sa pamangkin niya.

Nang hilingin ng Diyos kay Abraham na ialay ang nag-iisang anak nito bilang handog na susunugin, sinunod niya ito ng walang pag-aalinlangan. Siya ay 100 taong gulang na ng magkaroon ng anak at mas mahalaga pa ito sa sarili niyang buhay. Kilala ng Diyos ang kalooban ni Abraham. Iniibig Niya ito, sinasabi Niya ang mga lihim Niya dito.

### 3. Kumikilos ang Diyos sa mga karapat-dapat na tao sa bawat henerasyon

Noong panahon ng Lumang Tipan, narinig ng maraming propeta tulad nina Jeremias, Amos, Hosea, at Micah ang tungkol sa paghatol na darating sa Israel at ang pagpapanumbalik ng bansa sa darating na panahon sa buhay na Diyos. Ipinahayag nila ito sa mga tao, ito ay natupad kung paano sinabi.

Nagpropesiya ang Biblia tungkol kay Jesu-Cristo na itinago bago pa magsimula ang panahon at natupad ang lahat ng propesiya. Tinatalakay sa Isaias 53 ang pagdating ni Jesus, at kung paano Siya magdurusa dahil sa mga kasalanan at kasamaan

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



Punong Pastor ng Manmin Central Church
Dr. Jaerock Lee

Siya ay lingkod ng Diyos ng pag-ibig at kapangyarihan. Ibinabahagi niya ang buod ng ebanghelyo ayon sa paraan ng Panginoon para pukawin ang puso at isipan ng mga mamamayan ng lahat ng bansa. Ipinapakita niya ang maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu.

Noong taong 1982, nagsimula ang Manmin Central Church na mayroong 9 na miyembrong matatanda at 4 na bata. Dahil sa pagkilos ng Banal na Espiritu naging napakalaki na ng iglesya, mayroon itong mahigit-kumulang 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya sa buong mundo. Tulad ng pangangaral at pagpapatunay ni Jesus ng Salita sa pamamagitan ng mga tanda pagkatapos Niyang mangaral, pinapatunayan din ni Dr. Jaerock Lee na ang Biblia ay totoo sa pagpapakita niya ng kapangyarihan ng Diyos.

Magmula noong taong 2000, nakapagdaos siya ng maraming krusada sa ibang bansa tulad ng Uganda, Japan, Pakistan, Kenya, Pilipinas, Honduras, India, Russia, Germany, Peru, DR Congo, Estados Unidos, at Estonia. Nagpakita siya ng umaapaw na makapangyarihang pagkilos. Sa mga krusadang idinaos, ang ginawa sa Uganda ang napiling ibalita ng CNN.

Noong taong 2009, nangaral din si Dr. Lee sa krusada ng pagkakaisa sa Jerusalem, Israel. Ipinahayag niya na si Jesus ang Mesyas habang ibinobrodkast sa may 220 mga bansa ang krusada. Tapat siya sa Salita at pananalangin para matupad ang kalooban ng Diyos na maligtas ang lahat ng tao ng lahat ng bansa sa pagtatapos ng panahon. Gusto niyang maipahayag ang ebanghelyo saan mang sulok ng mundo at tuparin ang misyon ng pagmiministeryo sa North Korea.

www.drlee.or.kr

*Anong klaseng tao ang makakapagsabi ng kahulugan ng animnapu't anim na aklat ng Biblia sa ilalim ng inspirasyon ng Banal na Espiritu?*

*Siya dapat ay taong lubos na minamahal ng Diyos. Sa isang taong katulad nito, detalyadong sinabi at ipinaliwanag ng Diyos ang mga lihim na nakasulat sa Biblia.*

*Sa panahong malapit ng magwakas, hindi kikilos ang Diyos maliban kung ipapahayag Niya ang lihim sa minamahal Niya.*

ng mga tao. Naipropesiya din dito na mamamatay si Jesus para tubusin ang lahat ng tao mula sa kasalanan nila. At maliban sa ilang mga bagay na matutupad o mangyayari pa lang, maraming propesiya na sa Biblia ang natupad, maliit man ito o malaki.

Mababasa sa Mateo 5:18, "Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, hanggang sa mawala ang langit at lupa, ang isang tuldok o isang kudlit ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa matupad ang lahat ng mga bagay." Sinabing totoong matutupad ang Salita ng Diyos. Nakatala din sa Biblia ang mga bagay na magaganap pa lang, ito ay: ang pagbabalik ng Panginoon sa papawirin, ang Pitong-Taong Malaking Kapighatian, ang Kaharian ng Milenyo, at ang Paghuhukom ng Malaking Tronong Puti. Ang pagbabalik ng Panginoon sa papawirin ay binigyan ng pinakamalaking interes ng mga mananampalataya sa Diyos magmula noong muli Siyang nabuhay at umakyat sa langit. Ipinahayag ng Diyos ang tungkol dito at ang mga tanda ng panahon sa maraming bahagi ng Biblia.

Inihahayag ang lihim tungkol sa pagtatapos ng panahon tulad ng mga bagay na may kinalaman sa 'pitumpung linggo' sa Daniel 9:20-27 at Kabanata 12. Sinasabi ng Daniel 12:4, "Ngunit ikaw, O Daniel, ilihim mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat hanggang sa panahon ng wakas. Marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago." Tulad ng naipropesiya sa Kasulatan, maraming napakagagandang sasakyan at mga paraan ng komunikasyon ang naimbento at nabuo, hindi tulad noong panahon ni Daniel. Lumago ang kaalaman ngayon at hindi maiikumpara ang ibang mga panahon.

Batid din ni Apostol Juan ang malalalim na bagay tungkol sa pagtatapos ng panahon. Isinulat niya ang Aklat ng Apocalipsis sa Biblia. Nakasulat sa Apocalipsis ng detalyado ang mga mangyayari sa pagwawakas ng panahon. Sa paraang ito, ipinahayag ng Diyos ang mga bagay na mangyayari sa katapusan ng panahon sa mga minamahal Niya. Gusto bang itago ng Diyos ang kahulugan ng mga ito sa mga darating na henerasyon? Hindi.

Niloob Niyang maisulat ang tungkol dito sa Biblia para maunawaan ng mga darating na henerasyon ang kahulugan at ang kalooban Niya tungkol dito para kumilos sila. Mababasa sa 2 Pedro 1:20-21, "Una sa lahat, dapat ninyong malaman ito, na walang propesiya ng kasulatan na nagmula sa pansariling pagpapakahulugan, sapagkat walang propesiya na dumating kailanman sa pamamagitan ng kalooban ng tao kundi ang mga taong inudyukan ng Espiritu Santo ay nagsalita mula sa Diyos." Ang bawat isang propesiya sa Biblia ay ginawa sa inspirasyon ng Banal na Espiritu, kaya dapat sabihin ang kahulugan nito ng may inspirasyon din ng Banal na Espiritu.

Anong klaseng tao ang makakapagsabi ng kahulugan ng 66 na aklat ng Biblia sa ilalim ng Banal na Espiritu? Dapat siya ay isang taong minamahal ng lubos ng Diyos. Sa taong katulad nito ipinaliwanag ng detalyado ang mga lihim at salita ng Diyos na nakasulat sa Biblia. Sa kasalukuyan, panahong malapit ng magwakas, hindi pa rin kumikilos ang Diyos malibang naipahayag Niya ang lihim sa mga minamahal Niya (Amos 3:7).

### 4. Maliban kung ihahayag Niya sa Kanyang minamahal...

Sa Biblia, nagsalita si Jesus tungkol sa mga bagay na mangyayari tulad ng mga tanda ng pagwawakas ng panahon. Halimbawa, nang pumunta Siya sa Bundok ng Pagbabagong Anyo. Tatlong alagad lang ang isinama Niya, sina Pedro, Santiago, at Juan. Niloob Niyang makita nila na kausap Niya sina Elias at Moises. Sinabi Niya sa kanila na huwag sabihin sa kahit na sino ang nakita nila hangga't mabuhay Siyang muli mula sa patay. Pinagtitiwalaan Niya ang tatlong alagad nang higit sa sinuman, kaya nagpakita Siya sa mga ito ng mga lihim na bagay. Ipinakita ng Diyos kay Apostol Pablo ang Paraiso at sinabi sa kanya nang mas maaga na mawawasak ang barkong sasakyan nito at kung ano ang mangyayari sa pagdating niya sa Jerusalem. Nang papunta siya sa Asia para ipangaral ang ebanghelyo, pinigil siya ng Diyos sa pamamagitan ng pangitain (bisyon), sa halip, pinapunta siya nito sa Europa.

Kaya, dapat nating hangaring maging isang taong nakakadama at nakakaunawa ng kalooban ng Diyos na may malinaw na inspirasyon. At maging isang taong nakakabasa ng kaibuturan ng puso Niya, ganap na nananahan sa pag-ibig Niya sa pagtulad sa Kanya, pagkilala sa pagmamahal Niya, at lubos na pagsasabuhay ng salita Niya. Nananatili ang taong ito sa Diyos at ang Diyos ay nananatili sa kanya, nakasulat ito sa 1 Juan 4:16. Kung may ganitong klaseng tao, bakit hindi ipinapahayag ng Diyos ang mga lihim na mangyayari? Ang dahilan ng pangangalaga sa mundo ay pag-ibig. Ano man ang mangyari, gusto Niyang mas maraming kaluluwa ang makabatid ng tunay na pag-ibig Niya, makisalo sa pag-ibig na ito at maligtas (2 Pedro 3:9).

Batid ni Noe na magkakaroon ng malaking baha, at namagitan si Abraham para sa Sodoma at Gomorra dahil batid niya na hahatulan ang mga lunsod. Kung nalaman nila ang tungkol sa mga ganitong bagay, hindi ba dapat magkaroon din ng mga lingkod ang Diyos na nakakabatid ng tungkol sa pagwawakas ng panahon, at nakahandang dalhin ang hindi mabilang na kaluluwa patungo sa kaligtasan sa pagpapahayag ng tungkol sa pagtatapos ng buong mundo? Dapat tayo iyon. Sinimulan ng Diyos ang pangangalaga ng sangkatauhan nang may pag-ibig at tatapusin Niya ito nang may pag-ibig. Dapt tayong magpabanal para tuparin ang mga katungkulan na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin para matupad ang plano Niya.

Ang pinakamahalagang bagay na dapat nating gawin ay magmahal. Lahat ng bagay ay posible kung may kapangyarihan ng pag-ibig. Kapag nakamit ang perpektong pag-ibig sa puso natin, at lubos nating isasabuhay ito, pwede na tayong manahan sa Bagong Jerusalem. Higit pa dito, mauunawaan natin ang mga lihim tungkol sa pagwawakas ng panahon at magiging karapat-dapat na magdala ng maraming kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, mababasa sa 1 Juan 4:16, "At ating nalaman at sinampalatayanan ang pag-ibig ng Diyos para sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig, at ang nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos ay nananatili sa kanya."

Dapat tayong maging mga tunay na anak ng Diyos sa pamamagitan ng pamamalagi sa Kanya at maghangad na manatili rin Siya sa atin. Sa madaling salita, gawin nating tinapay ng buhay ang mga salita Niya sa puso natin at isabuhay natin ang katotohanan. Kung ganito ang gagawin natin, magiging mga anak tayo ng Liwanag. Magiging ganap ang tiwala ng Diyos sa atin, ihahayag Niya sa atin ang malalalim na lihim at ibabahagi ang Kanyang pag-ibig. Nakikiusap ako sa inyo na iwaksi ninyo ang lahat ng klaseng kasamaan at mabuhay kayo ayon sa Salita ng Diyos. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kung gagawin ninyo ito, makikibahagi kayo sa malalim na pag-ibig Niya at lalakad kayong kasama Niya.

# "Hindi na Mahirap Magministeryo sa Israel Ngayon"



Pastor Sergey Vocharnikov
(Nazareth Spirit of Life Church, Israel)

Ako ay isang Judio na ipinanganak sa Ukraine. Lumipat sa Russia ang pamilya ko, doon ko nakilala ang naging asawa ko, doon ko tinanggap ang Panginoon. Ang pamilya ng asawa ko ay Messianic Jews (mga Judiong naniniwala na si Jesus ang Mesyas) at pastor ang biyenan kong lalaki. Noong 1989, lumipat ako, ang asawa ko at ang pamilya niya sa Haifa, Israel. Nagsimula kami ng gawaing pagmimisyon doon. Nang magsimula ang taong 1990, nang magbukas ang Soviet Union, lumipat sa Israel ang maraming Judio mula sa Russia, sinikap naming ibahagi ang ebanghelyo sa kanila. Noong taong 1994, naging pastor ako. Nagsimula ako ng ministeryo sa Nazareth kung saan lumaki si Jesus. Pero hindi madaling mangaral ng ebanghelyo sa Israel dahil naniniwala ang mga tao sa Judaismo.

### Itinatag ang Crystal Forum para magkaisa ang mga pastor sa Israel

Isang araw, noong taong 2004, nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula kay Pastor Alexander Yepp sa Germany. Siya ang tagapangulo ng komite na nagsasa-ayos ng krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa Germany. Hinimuk niya akong dumalo sa krusada, sinabi niya na may darating na isang kilalang revivalist (mangangaral na nagpapanumbalik ng dating sigla). Hindi ako pwedeng dumalo, kaya ang katulong kong pastor ang pumunta. Ibinahagi niya sa akin ang mensahe ni Dr. Lee na puno ng buhay at ang mga makapangyarihang kaganapan na nangyari doon.

Naantig ang puso ko nang marinig ko ang tungkol sa maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu. Kahit sampung taon na ang nakalipas pagkatapos kong itatag ang iglesya, nahihirapan pa rin ako dahil sa kakulangan ng pondo at pag-uusig mula sa mga Judio. Pero nakatulong sa akin ang ministeryo ni Dr. Lee para magkaroon ng panibagong bisyon sa pangangaral ng ebanghelyo sa Israel.

Noong Oktubre taong 2005, bumisita ako sa Seoul para dumalo sa ika-23 anibersaryo ng Manmin Central Church. Nagpaalala sa akin ng Langit ang palabas ng komite ng sining. Higit sa lahat, natanto ko na ang mga mensahe ni Dr. Lee at ang Pulong-Panalanging Daniel na ginagawa tuwing gabi ay napakahalaga para sa muling pagsigla ng isang iglesya.

Nakatiyak ako na tinanggap ko na ang kasagutan sa matagal ko nang dalangin na makakilala ng isang espirituwal na tagapagturo para maipangaral ang ebanghelyo sa Israel. Ipinarehistro ko ang iglesya ko bilang sangay ng Manmin. Pagkatapos, noong taong 2006, dumalo ako sa krusada ng pagkakaisa ni Dr. Lee sa DR Congo at New York, Estados Unidos. Nakita kong maraming taong gumaling mula sa mga karamdaman at tumanggap ng mga sagot sa mga dalangin. Niluwalhati nila ang Diyos, hinaplos ng mga ito ang puso ko.

Mula Hulyo taong 2007, ipinangaral ni Dr. Jaerock Lee ang ebanghelyo ng kabanalan at ang pagkilos na makapangyarihan nang labindalawang beses sa loob ng tatlong taon mula sa Nazareth sa hilaga hanggang sa Eilot sa timog. Lalo na, noong Hulyo 25, 2007, sinimulan niya ang ministeryo niya sa Israel sa pamamagitan ng pagdaos ng unang pulong sa iglesya ko, Nazareth Spirit of Life Church. Naantig ang damdamin ko dahil dito.

Nabuhayan ng loob ang mga Messianic Jews sa tatlong taong ministeryo niya sa Israel. Maganda ang naging bunga nito, nagtatag ng Crystal Forum (samahan ng mga pastor mula sa Israel) ang mga pastor mula sa Israel bilang pagpapakita ng pagkakaisa.

### Ipinahayag ni Dr. Jaerock Lee si Jesu-Cristo sa krusada ng pagkakaisa sa Israel

Noong Setyembre taong 2009, idinaos ni Dr. Jaerock Lee sa International Convention Center ng Jerusalem ang krusada ng pagkakaisa. Ito ay sentro ng Israel. Naibrodkast ang krusadang ito sa may 220 mga bansa sa pamamagitan ng 33 mga brodkaster. Matapang na ipinahayag ni Dr. Lee ang tungkol sa Diyos na Manlilikha at tungkol kay Jesu-Cristo. Sa katunayan, nangaral na ang ilang mga pastor mula sa ibang bansa sa Israel pero hindi nila ipinaliwanag kung bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas at ang espirituwal na kahulugan nito. Pero ipinangaral ito ni Dr. Lee sa mga Judio at pinatunayan niya na totoo ang mga gawain sa Biblia sa pagpapakita niya ng mga makapangyarihang pagkilos.

Ang Israel ay ang lugar kung saan nagsimula ang ebanghelyo pero hindi tinatanggap ng mga mamamayan nito bilang Tagapagligtas si Jesu-Cristo. Inilayo at binawalan sa lipunan ang iilang Judio na naniniwala na si Jesus ang Mesyas. Pero pagkatapos ng krusada, sumigla ang mga ito at naging aktibo sa ministeryo kasama ng Crystal Forum sa sentro.

Tumanggap ng malaking pagpapala mula sa mga sermon at ministeryo ng pagpapabanal ni Dr. Lee ang mga pastor sa lugar na ito. Magmula nang matanto ko kung anong kahulugan ng pinabanal na buhay, nagsikap akong magwaksi ng mga kasalanan, sa puso at saloobin. Sinabi ko rin sa mga miyembro ng iglesya ko na gawin din ito.

Bumibisita sa Israel ang maraming pastor mula sa ibang bansa dahil ito ang lugar kung saan ipinanganak si Jesus at ito ay isang banal na lugar. Nang makita nilang nangangaral kami ng ebanghelyo kahit mahirap mangaral sa bansa ng Judaismo, sinabi nilang tutulong sila sa amin. Pero wala ni isa sa kanilang tumupad sa pangako.

Gayon pa man, itinuro sa amin ni Dr. Lee ang kalooban ng Diyos na maibalik ang ebanghelyo sa Israel, 'ang pinakaliblib na lugar sa mundo' at nagpapatuloy siya sa pagbibigay sa amin ng walang limitasyong pinansyal at espirituwal na suporta. Kaya matapang na nakakapangaral at nakakapagdaos ng mga krusada sa ibang bansa gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12) ang mga pastor na taga-Israel.

Nangunguna din ako sa mga krusadang may panyo sa India taun-taon. Nakaranas ako ng mga makapangyarihang pagkilos tulad ng nagamot na pagka-baog, at naging normal na mga sugapa sa alak. Lahat ng pagpapasalamat at kaluwalhatian ay ibinibigay ko sa Diyos na tumupad sa kalooban Niya tungkol sa pagwawakas ng panahon sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee.








Idinaos sa ICC Jerusalem ang krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee noong taong 2009, ang sentro ng Israel. Ipinangaral niya ang mensahe at nagpakita siya ng mga makapangyarihang pagkilos sa panalangin niya para sa mga may karamdaman. Naluwalhati ang Diyos dahil dito.
Naibrodkast ang krusada sa mahigit na 220 mga bansa dahil sa pampublikong telebisyon, telebisyong may cable, at satellite. Tumanggap ng kaligtasan, kasagutan, at paggaling ang hindi mabilang na tao dahil dito.



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>Missionary Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>Missionary Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |